



**ORANGE COUNTY
REGISTRAR OF VOTERS**

Plano sa Edukasyon at Outreach ng Botante

Pahayag ng Misyon

“Upang magbigay ng mga serbisyo sa halalan para sa mga mamamayan ng Kondado ng Orange para matiyak ang pantay na pag-access sa proseso ng halalan, protektahan ang integridad ng mga boto, at mapanatili ang malinaw, tumpak at patas na proseso.”

Pahayag ng Pananaw

“Upang matiyak ang kahusayan sa pangangasiwa ng mga halalan para magbigay ng inspirasyon sa kumpiyansa at pagtitiwala sa demokratikong proseso.”



“Tuturuan namin ang lahat ng karapat-dapat na mamamayan tungkol sa kung paano magparehistro para bumoto at kung paano gamitin ang kanilang karapatang bumoto.”



Pangkalahatang-ideya

Tahanan ng 1.9 milyong rehistradong botante ang Kondado ng Orange, na ginagawa itong pangatlo sa pinakamalaking kondado sa California at ang ikalimang pinakamalaking hurisdiksyon ng pagboto sa Estados Unidos. Ang mga Registrar ng Botante sa Kondado ng Orange (OCROV) ay gumaganap ng mahalagang papel sa pagtiyak ng patas at malinaw na halalan para sa mga mamamayan ng Kondado ng Orange, pamamahala sa pagpaparehistro ng botante, pagsasagawa ng mga halalan, at pagtiyak ng integridad ng proseso ng halalan. Sa bawat bagong siklo ng halalan, mahalagang tiyakin na ang bawat karapat-dapat na botante sa Kondado ng Orange ay may oportunidad na gamitin ang kanilang karapatang bumoto.

Nagsusumikap ang OCROV na turuan ang lahat ng karapat-dapat na mamamayan sa Kondado ng Orange tungkol sa kung paano magparehistro para bumoto at kung paano gamitin ang kanilang karapatang bumoto sa pamamagitan ng pakikisali at pagtuturo sa publiko sa pagkakaroon ng pagboto at pagtiyak na ang bawat isa ay may access sa mga kinakailangang mapagkukunan para lumahok sa demokratikong proseso.

Upang makamit ang mga hangarin ng OCROV at Batas sa Pili ng Botante (VCA) ng California, bumuo ang OCROV ng komprehensibong Plano sa Edukasyon at Outreach ng Botante (VEOP) na nagbabalangkas sa mga priyoridad, estratehiya at mga nagpapahiwatig ng tagumpay nito.

Kasama sa planong ito ang paggamit ng pinupuntiryang pagpopondo sa mga mapagkukunan ng kawani, mga materyales sa outreach, mga anunsiyo ng serbisyo publiko (PSA), at mga digital na platform gaya ng website ng OCROV, at mga channel sa social media upang suportahan ang edukasyon at outreach ng botante. Bukod pa rito, maaaring mamuhunan ang OCROV sa iba pang mga diskarte sa outreach, gaya ng binayang pagpapatalastas. Ibabahagi din ang mga materyales sa outreach sa mga kasamahan sa komunidad na, bilang mga pinagkakatiwalaang mensahero, ay hihilingin na ipamahagi ang edukasyon ng mga botante sa kanilang mga nasasakupan.



Para sa higit pang mga detalye sa kung ano ang ginastos ng OCROV sa edukasyon at outreach ng botante noong nakaraang regular na pang-estadong halalan na isinagawa alinsunod sa VCA na naisangguni sa Appendix A ng dokumentong ito.

Mga Hangarin

Tinutugunan ng VEOP ang limang pangunahing hangarin habang tinitiyak na ang napapanahon, tumpak na impormasyon mula sa mga pinagkakatiwalaang pinagmulan, ay magagamit sa lahat ng karapat-dapat na mamamayan sa Kondado ng Orange:

1. **Abutin ang mga Magkakaibang Populasyon sa pamamagitan ng Mga Kaganapang Outreach ng Komunidad.** Nakatuon ang OCROV sa aktibong pakikipag-ugnayan sa magkakaibang mga komunidad na bumubuo sa Kondado ng Orange at patuloy na lalahok sa mga makasaysayang dinaluhang kaganapan sa komunidad habang tumutuklas ng mga makabagong paraan upang makipag-ugnayan sa mga botante. Lalahok ang OCROV sa mga kaganapang outreach ng komunidad na pumupuntirya ng magkakaibang populasyon, kabilang ang mga botanteng bihira bumoto at mga komunidad na may limitadong access sa impormasyon tungkol sa pagboto.
2. **Palakihin ang Pakikipag-ugnayan at Pakikilahok sa mga Bagong Karapat-dapat na Botante.** Kinikilala ng OCROV ang kahalagahan ng pakikipag-ugnayan sa mga kabataang botante, dahil kinakatawan nila ang kinabukasan ng ating demokrasya. Para makamit ito, bubuo at nagpapatupad ang OCROV ng mga estratehiya sa outreach na pumupuntirya sa mga high school, kolehiyo ng komunidad, at unibersidad. Nilalayan ng OCROV na turuan ang mga batang botante sa kahalagahan ng pakikipag-ugnayan sa gawaing panlipunan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga kinakailangang mapagkukunan para makilahok sa demokratikong proseso. Pupuntirya rin ng mga bagong mamamayan ang mga pagsisikap sa outreach.
3. **Makipagtulungan sa Mga Panlabas na Stakeholder at Mga Kasamahan sa Komunidad.** Upang mas mahusay na maibigay ang mga pangangailangan ng mga botante ng Kondado ng Orange, hihingi ang OCROV ng ambag ng publiko at tulong mula sa mga panlabas na stakeholder at mga kasamahan sa



komunidad. Makikipagtulungan din ang OCROV sa mga organisasyong naninilbihan sa magkakaibang populasyon upang mangalap ng feedback at tumulong na ipaalam ang pagpapalano sa outreach nito. Mahalaga ang ambag ng publiko at pakikilahok at patuloy na gagamitin ng OCROV para magdisenyo ng mga epektibong estratehiya sa outreach na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga botante. Hihilingin din sa mga kasamahan sa komunidad na maglingkod bilang mga pinagkakatiwalaang mensahero para turuan ang kanilang mga nasasakupan tungkol sa pagpaparehistro ng mga botante at pagboto sa mga halalan.

4. **Abutin ang mga Komunidad na Kulang sa Serbisyo sa pamamagitan ng Pop-Up na Pagboto.** Bilang karagdagan sa mga regular na Sentro ng Pagboto, gagamitin ng OCROV ang mga kasamahan sa komunidad para magbigay ng access sa pagboto sa mga sektor ng komunidad na may isa o higit pang mga hadlang sa pagboto sa Sentro ng Pagboto. Magsasagawa ang OCROV ng estratehikong diskarte sa pagtukoy ng mga potensyal na lokasyon ng pagboto para makatulong na matiyak ang pantay na pag-access para sa lahat ng mga botante.
5. **Magsagawa ng Multi-Media na Kampanya.** Magsasagawa ang OCROV ng media na kampanya para maabot ang mas malawak na audience. Kasama sa kampanyang ito ang paggamit ng ilan o lahat ng sumusunod na pamamaraan sa bawat halalan: direktang komunikasyon ng botante, social media, bayad na pagpapatalastas, media na walang bayad, at ang website. Maaari ding gamitin ang pinupuntiryang pagpapatalastas para i-promote ang mga pangangailangan sa pangangalap para sa Mga Kinatawan ng Customer Service sa mga Sentro ng Pagboto.

Sa pamamagitan ng limang hangaring ito, nilalayon ng OCROV na tiyaking alam ng mga botante ng Kondado ng Orange kung paano gamitin ang kanilang karapatang bumoto. Mahalagang tandaan na pabago-bago at maaaring palawakin o bawasan kung kinakailangan ang planong ito.



Hangarin 1: Abutin ang mga Magkakaibang Populasyon sa pamamagitan ng Mga Kaganapang Outreach ng Komunidad

Mga Layunin ng Hangarin

Sa pamamagitan ng pagkamit ng hangarin, ang OCROV ay:

1. Epektibong maabot ang malaking populasyon at pataasin ang pagiging nakikita nito sa komunidad.
2. Hikayatin ang publiko na magparehistro para bumoto.
3. Magbigay ng impormasyon sa mahahalagang petsa, proseso ng pagboto, seguridad sa halalan at mga opsyon sa pagboto sa pamamagitan ng personal at virtual na mga setting.
4. Makipag-ugnayan sa mga botanteng bihira bumoto, ang ilan sa mga ito ay maaaring mas gusto na makatanggap ng impormasyon sa pamamagitan ng personal na one-on-one na setting.

Mga Pangunahing Panukat ng Pagganap

1. Dumalo sa 20 malalaking mga kaganapang outreach ng komunidad bawat taon ng pananalapi (100+ dadalo).
2. Dumalo sa 50 malilit hanggang katamtaman na mga kaganapang outreach ng komunidad bawat taon ng pananalapi (99 o mas kaunting dadalo).

Mga Estratehiya

1. Bumuo ng mga iniangkop na diskarte sa outreach para sa bawat isa sa mga pinupuntirang grupo:
 - Mga rehiyon na mababa ang pagpaparehistro ng botante at/o mababa ang pakikilahok ng mga botante
 - Mga Matatanda
 - Kabataan
 - Mga Bagong Mamamayan
 - Mga Estudyante sa Kolehiyo
 - Mga botanteng may kapansanan

Mga Wika: Kinakailangan ng Pederal (Seksyon 203 ng Batas sa Pili ng Botante)

Mga Wika: Kinakailangan ng Estado (Seksyon 14201 ng Code ng Halalan)

2. Bumuo at magpatupad ng mga sukatan upang suriin ang pagiging epektibo ng mga pagsisikap sa outreach sa buong kondado at mga pinuntirang komunidad.
3. Palakasin ang pakikipagtulungan sa mga organisasyong pangkomunidad. Maiging makipagtulungan sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad upang tumulong sa pagtukoy ng mga nangunguna sa kaganapan at mga oportunidad sa pakikilahok sa kaganapan.
4. Magpatuloy sa proseso ng pagpapalano nang maaga para matiyak ang naaangkop na oras ng pagbabalik para sa mga proseso ng pagsusuri sa administratibo at pagsunod.

Mga Paraan ng Pagsusuri

1. Subaybayan ang mga heyograpikong lugar at mga pinupuntirang audience. Patuloy na bumuo at gumamit ng mga tool sa pagsubaybay na kinabibilangan ng lokasyon ng bawat kaganapang outreach at ang (mga) pinuntirang na grupo ng outreach.
2. Subaybayan ang mga pakikipag-ugnayan, kontak, at interaksyon.
3. Panatilihin ang mga checklist sa pagpapalano ng kaganapan. I-update ang naka-standardize na checklist para sa pagpapalano at pagsasagawa ng mga kaganapang outreach. Patuloy na pamahalaan ang mga tool sa pagsubaybay upang matiyak ang pag-unlad patungo sa pagkumpleto ng bawat item sa checklist.
4. Magsagawa ng pagsusuri pagkatapos ng kaganapan upang matukoy ang mga bahagi ng proseso ng pagpapalano na maaaring pagbutihin at iakma ang checklist kung kinakailangan.

Hangarin 2: Palakihin ang Pakikipag-ugnayan at Pakikilahok sa mga Bagong Karapat-dapat na Botante.

Mga Layunin ng Hangarin

Sa pamamagitan ng pagkamit ng hangarin, ang OCROV ay:

1. Isulong ang edukasyong sibiko at pakikilahok sa mga kampus ng paaralan.
2. Hikayatin ang mga karapat-dapat na kabataan na patiunang magparehistro/magparehistro para bumoto.
3. Magbigay ng access sa pagpaparehistro ng botante sa mga bagong mamamayan.
4. Makisali sa makabuluhang pag-uusap at pagyamanin ang kapaligiran na lumilinang sa mga habambuhay na botante at aktibong mamamayan.

Mga Pangunahing Panukat ng Pagganap

1. Himukin ang mga estudyante sa high school, kolehiyo ng komunidad, at unibersidad sa pamamagitan ng iba't ibang mga inisyatibo sa outreach.
2. Humanap ng mga oportunidad na magbigay ng edukasyon sa botante sa mga klase sa Ingles bilang pangalawang wika at sa mga kaganapan na pinupuntirya ang mga bagong karapat-dapat na mamamayan.

Mga Estratehiya

1. Nilalayon na mapanatili ang mahusay na balanse ng mga kaganapan sa edukasyon ng mga botante ng kabataan sa buong kondado.
2. Suriin ang datos ng bilang ng mga botanteng mga indibidwal sa pagitan ng edad na 18 at 24 upang matukoy ang mga partikular na lugar upang palawigin ang aming edukasyon sa mga kabataang botante at mga pagsisikap sa outreach. Tukuyin ang mga pinuntiryang lugar na may mga botanteng bihira bumoto na mga kabataan.
3. Gamitin ang mga pakikipagsamahan sa mga distrito ng paaralan, mga kolehiyo ng komunidad at mga unibersidad upang lumikha ng mga oportunidad para sa mga inisyatibo sa edukasyon at pakikilahok sa pagboto.

4. Makipagtulungan sa mga bagong kaganapan sa pagkamamamayan upang magbigay ng access sa pagpaparehistro at edukasyon ng botante.

Mga Paraan ng Pagsusuri

1. Subaybayan kung saan ginaganap ang mga kaganapan sa edukasyon ng mga botante ng kabataan upang balansehin ang mga pagsisikap sa outreach sa buong kondado.
2. Subaybayan ang pagdalo para sa lahat ng mga kaganapan sa edukasyon ng botante ng kabataan at bagong pagkamamamayan kabilang ang mga pakikipag-ugnayan, kontak, at interaksyon.
3. Gamitin ang mga checklist sa pagpapalano ng kaganapan. Panatilihin ang na-update na checklist para sa pagpapalano at pagsasagawa ng edukasyon sa mga kabataang botante at mga kaganapang outreach.
4. Suriin ang data ng botante at census upang matukoy ang anumang pagbabago sa populasyon at mga napapanahon sa pagboto.

Hangarin 3: Makipagtulungan sa mga Panlabas na Stakeholder at Mga Kasamahan sa Komunidad

Mga Layunin ng Hangarin

Sa pamamagitan ng pagkamit ng hangarin, ang OCROV ay:

1. Pataasin ang kamalayan sa pakikilahok ng botante at pakikipag-ugnayan sa gawaing panlipunan.
2. Bumuo ng tiwala at kaugnayan sa mga lokal na komunidad.
3. Tiyakin na ang mga pangangailangan at alalahanin ng mga botante ay napakinggan at naidokumento.
4. Isama ang magkakaibang sektor ng komunidad upang matiyak ang representasyon habang nagbibigay ng pantay na mga oportunidad para sa pakikibahagi sa proseso ng elektoral.

Mga Pangunahing Panukat ng Pagganap

1. Magsagawa ng hindi bababa sa dalawang pagpupulong sa isang taon kasama ang Grupo ng Komunidad para sa Pagpapatupad ng Halalan.
2. Magsagawa ng hindi bababa sa dalawang pagpupulong sa isang taon kasama ang Lupon ng Pagpapayo sa Pagiging Naa-access ng Wika.
3. Magsagawa ng hindi bababa sa dalawang pagpupulong sa isang taon kasama ang Lupon ng Pagpapayo sa Pagiging Naa-access ng Botante.
4. Ipamahagi ang Mga Tool Kit sa Komunikasyon sa mga kasamahan sa komunidad sa pamamagitan ng E-50 sa bawat regular na halalan sa buong estado.

Mga Estratehiya

1. Patuloy na pangasiwaan ang mga regular na pagpupulong sa mga lupon ng pagpapayo upang magbahagi at mangalap ng ambag tungkol sa pagboto sa ilalim ng modelo ng VCA. Kabilang sa mga advisory board ng OCROV ang Grupo ng Komunidad para sa Pagpapatupad ng Halalan, na nagsisilbing Lupon ng Tagapayo para sa Edukasyon at Outreach ng Botante ng OCROV, at ang



mga subcommitte nito: Lupon ng Pagpapayo sa Pagiging Naa-access ng Botante at Lupon ng Pagpapayo sa Pagiging Naa-access ng Wika.

2. Magbigay ng mga kasamahan sa komunidad ng mga materyales sa edukasyon ng botante gaya ng mga tool kit, video, at mga grapikong impormasyon na may kasamang impormasyon tungkol sa pagboto sa ilalim ng modelo ng VCA upang maibahagi nila, bilang mga pinagkakatiwalaang messenger, ang impormasyon sa kanilang mga nasasakupan.
3. Magbigay ng online na pagsasanay para sa pagpaparehistro ng mga kampanya.
4. Bigyan ang publiko ng oportunidad na magtanong, magsumite ng feedback, at mag-sign up para sa paglabas ng mga balita, notice at newsletter.
5. Magdaos ng isang Open House para sa obserbasyon malapit sa araw ng pagpapadala ng mga balota para sa bawat halalang pang-estado.
6. Panatilihin ang pormal na proseso at tool sa pagsubaybay para sa pagkolekta ng feedback mula sa mga kasamahan sa komunidad.
7. Suriin ang feedback at bumuo ng mga rekomendasyon sa pagpapatakbo. Suriin at pag-aralan ang natanggap na feedback at gamitin ito bilang gabay sa paggawa ng desisyon kung maaari. Magbigay ng mga regular na update sa kung paano isinasaalang-alang ang feedback.

Mga Paraan ng Pagsusuri

1. Subaybayan at suriin ang feedback na natanggap mula sa mga kasamahan sa komunidad at tukuyin ang mga posibleng pagpapabuti sa mga mensaheng pang-edukasyon at estratehiya sa outreach.
2. Tayahin ang representasyon ng komunidad sa proseso ng elektoral, sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga napapanahon at demograpikong data.
3. Subaybayan ang pakikipag-ugnayan ng komunidad sa proseso ng halalan sa pamamagitan ng mga hakbang gaya ng mga rate ng pagpaparehistro ng botante, pakikilahok sa mga pulong ng lupon ng pagpapayo, at pakikilahok sa mga pampublikong forum.

Hangarin 4: Abutin ang mga Komunidad na Kulang sa Serbisyo sa pamamagitan ng Pop-Up na Pagboto

Mga Layunin ng Hangarin

Sa pamamagitan ng pagkamit ng hangarin, ang OCROV ay:

1. Lumikha ng isang inklusibo at naa-access na kapaligiran na naghihikayat sa mga karapat-dapat na botante na may isa o higit pang hadlang sa pagpunta sa Sentro ng Botohan na gamitin ang kanilang karapatang bumoto.
2. Palakasin ang pakikipag-ugnayan sa gawaing panlipunan at itaguyod ang demokratikong partisipasyon sa pamamagitan ng pagpapataas ng kamalayan tungkol sa kahalagahan ng pagboto.
3. Magbalanse sa pagitan ng pagtugon sa pangangailangan ng komunidad at pagpili ng mga pop-up na lokasyon na makakapag-hikayat ng maraming tao.

Mga Pangunahing Panukat ng Pagganap

1. Makipagtulungan sa mga organisasyon ng komunidad upang magtatag ng hindi bababa sa limang mga pop-up na oportunidad sa pagboto sa bawat regular na halalan sa buong estado.
2. Gamitin ang mga pakikipagsamahan na ito upang itaguyod at ipalaganap ang mga pop-up na kaganapan.

Mga Estratehiya

1. Tukuyin ang mga puntiryang komunidad na may kasaysayan ng pagharap sa mga hadlang sa pagboto sa pamamagitan ng pagsusuri sa kasalukuyang data.
2. Tukuyin at hanapin ang mga potensyal na pop-up na lokasyon ng pagboto na naa-access ng mga miyembro ng komunidad na may mga kapansanan o mga isyu sa kadaliang kumilos. Makipag-ugnayan sa mga miyembro ng Komite ng Tagapayo para sa Pagiging Naa-access sa Pagboto upang makakuha ng feedback mula sa kanilang mga pangangailangan ng miyembro ng komunidad.
3. Makipagtulungan sa mga organisasyong pangkomunidad. Maghahanap ang OCROV ng mga bagong pakikipagsamahan at magpapalakas ng mga umiiral



nang koneksyon sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad upang i-host ang pop-up na pagboto sa mga naa-access na lokasyon at humingi ng kanilang tulong sa pag-promote ng mga pop-up na oportunidad sa pagboto.

4. Tiyakin ang pagiging naa-access. Titiyakin ng OCROV na ang mga pop-up na kaganapan sa pagboto ay naa-access ng mga miyembro ng komunidad na higit na nangangailangan, kabilang ang mga may kapansanan. Maghahanda ang OCROV ng mga naa-access na kagamitan at materyales, gaya ng malalaking letra na mga balota at pambuhat na wheelchair.
5. Magbigay ng bilingual na suporta. Tukuyin ng OCROV ang mga komunidad batay sa wika na maaaring paglingkuran sa bawat kaganapan ng pop-up na pagboto at layuning magtalaga ng mga kawani ng bilingual.
6. Humingi ng tulong mula sa mga kasamahang site ng OCROV sa pag-promote ng mga pop-up na oportunidad sa pagboto.
7. Iwasan ang pagsasagawa ng kaganapan ng pop-up na pagboto na malapit sa bukas na Sentro ng Pagboto.
8. Sa Araw ng Halalan, ang mobile voting unit ay itatalaga lamang para sa emerhensyang pagtugon sakaling magkaroon ng abala sa pagboto sa Sentro ng Pagboto.

Mga Paraan ng Pagsusuri

1. Subaybayan ang mga pag-check-in, pag-drop off ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo at mga serbisyo ng botante na ibinigay. Susuriin ng OCROV ang datos na ito upang pag-aralan ang mga napapanahon at bumuo ng mga plano upang patuloy na mapabuti ang pagiging nakikita ng mga kaganapan sa pop-up na pagboto.
2. Magsagawa ng pagsusuri sa pagiging naa-access ayon sa mga alituntunin at checklist ng Kalihim ng Estado ng California.
3. Magsagawa ng pagsusuri sa suporta sa wika.



Hangarin 5: Magsagawa ng Multi-Media na Kampanya

Sa paghahanda para sa bawat regular na halalan sa buong estado, ang OCROV ay magbubuo at magsasagawa ng kampanya sa media upang maabot ang mas malawak na audience, na kinabibilangan ng pagpapalaganap ng impormasyon tungkol sa libreng tawag na hotline ng tulong sa botante at mga nalalapit na halalan. Kasama sa kampanyang ito ang paggamit ng direktang komunikasyon ng botante, social media, bayad na pagpapatalastas, media na walang bayad, at ang website ng OCROV para epektibong maabot at makipag-ugnayan sa mga botante.

Kabilang sa multi-media na kampanya ang pinuntiryang pagmemensahe sa edukasyon ng botante sa Ingles at mga media outlet ng wika na ibinigay sa naa-access na pormat, na tinitiyak na ang impormasyon ay naa-access ng lahat ng mga botante. Sa pamamagitan ng paggamit sa website nito at mga social media channel gaya ng Facebook, X, at Instagram, epektibong maaabot ang malawak na audience ang OCROV para mabigyan ang mga botante ng napapanahong update sa halalan at impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa wika at pagigiging naa-access.

Bukod pa, ang OCROV ay patuloy na nagpapaalam sa mga botante ng paparating na halalan sa pamamagitan ng pagpapadala ng dalawang direktang kontak sa botante sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga postcard sa mga botante na walang mga email address at pag-email sa iba pa. Sa ilalim ng VCA, maaaring bawasan ito ng mga kondado sa isang kontak pagkatapos ng anim na halalan sa buong estado—ngunit para lamang sa mga botante na nakarehistro sa kondado sa lahat ng anim na halalan. Kwalipikado ang OCROV para sa opsyong ito at susuriin kung ang pagbawas sa isang kontak ay epektibo sa gastos. Kung pinagtibay, kalahati ng mga matitipid ay susuportahan ang outreach sa mga dating hindi gaanong kinatawan na mga botante.

Kapag nagpapadala ng koreo, matutugunan ng OCROV ang pinakamababang kinakailangan ng isang piraso bawat address, apelyido, at wika, ngunit maaaring piliing magpadala ng mga indibidwal na mailer sa bawat botante.



Sa panahon ng mga espesyal na halalan, hindi bababa sa matutugunan ng OCROV ang pinakamababang edukasyon ng botante sa VCA at mga kinakailangan sa outreach, kabilang ang para sa mga direktang kontak sa botante, mga gabay sa impormasyon ng botante ng kondado at website ng OCROV.

Mga Layunin ng Hangarin

Sa pamamagitan ng pagkamit ng hangarin, ang OCROV ay:

1. Magbigay ng napapanahon at tumpak na impormasyon sa pamamagitan ng mabilis na pagbabahagi ng mahahalagang update sa halalan sa publiko. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga multi-lingual na PSA at direktang kontak sa botante, titiyakin ng OCROV na pamilyar ang mga botante sa walang bayad na hotline ng tulong sa botante at parating na halalan.
2. Bumuo ng tiwala at kalinawan sa pamamagitan ng paglaban sa maling impormasyon/disinpormasyon sa pagboto at halalan.
3. Saliksikin ang mga oportunidad para sa pagpapabuti ng pagiging naa-access ng nilalaman. Kabilang dito ang pagtiyak na isinasaalang-alang ng website ang mga pangangailangan sa wika at pagiging naa-access.
4. Pagbutihin ang mga serbisyo sa pamamagitan ng pangangalap ng feedback at pagtukoy sa mga pangangailangan ng publiko.
5. Itaguyod ang mga kaganapan at Sentro ng Pagboto sa pamamagitan ng paggamit ng social media bilang tool upang maisapubliko ang impormasyon.
6. Itaguyod ang mga oportunidad sa pag-empleyo ng Sentro ng Pagboto sa pamamagitan ng email, social media at/o mga bayad na patalastas sa Ingles.
7. Tiyaking nakakatugon ito sa mga kinakailangan sa batas ng estado.
8. Itaguyod ang mga serbisyo sa wika at pagiging naa-access sa pamamagitan ng pagbuo ng mga multilingual na video, mga post sa social media at mga outreach na materyales.

Pangunahing Panukat ng Pagganap

1. Gumawa ng hindi bababa sa 60 mga post sa social media para sa bawat regular na halalan sa buong estado.
2. Tumugon sa mga komento at tanong sa social media sa loob ng dalawang araw ng negosyo nang hindi bababa sa 90 porsiyento ng oras.
3. Magpadala ng isa hanggang dalawang direktang kontak sa mga botante sa bawat halalan.

Mga Estratehiya

1. Bumuo ng mga hashtag para sa bawat halalan sa buong estado.
2. Ipagpatuloy ang pagbuo ng content calendar sa social media bago ang bawat regular na halalan sa buong estado.
3. Saliksikin at ilapat ang mga feature na available sa social media para mapalaki ang kakayahan nitong abutin ang mga botante.
4. Bumuo ng content na partikular upang matugunan ang maling impormasyon/disinpormasyon.
5. Ipamahagi ang mga tool kit sa komunikasyon para sa bawat regular na halalan sa buong estado. Kabilang sa tool kit ang mga grapikong impormasyon, video, at halimbawa ng mga grapiko ng social media at mga halimbawa ng post sa social media at artikulo sa newsletter para sa pampublikong paggamit at dapat matugunan ang mga alituntunin sa pagiging naa-access.
6. Bumuo ng hindi bababa sa isang PSA sa lahat ng pederal at estadong kinakailangan na mga wika na kinabibilangan ng impormasyon tungkol sa paparating na halalan at ang walang bayad na hotline ng tulong sa botante. Ang PSA ay bubuuin para magamit ng Ingles at wikang na-print at audio media para sa lahat ng halalan. Ang OCROV ay maaari ding gumawa ng video na PSA para sa regular na mga halalan sa buong estado para sa paggamit ng media sa telebisyon at social media.
7. Bumuo ng isang bayad na kampanya sa pagpapatalastas sa bawat regular na halalan sa buong estado.

8. Bumuo ng media na walang bayad para sa bawat regular na halalan sa buong estado na kinabibilangan ng media briefing at/o tour.
9. Panatilihin ang content ng website na kasalukuyan at naa-access. Kabilang dito ang pagtiyak sa pagkakaroon ng may-katuturang impormasyon sa halalan, kung paano humiling ng naa-access na balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, at iba pang mga serbisyo ng botante.
10. Bumuo ng mga video at na-print na materyales na nagtataguyod ng mga serbisyo sa wika at pagiging naa-access na magagamit sa panahon ng pagboto.

Mga Paraan ng Pagsusuri

1. Subaybayan ang kalendaryo ng content at iskedyul ng pag-publish.
2. Subaybayan ang oras ng pagtugon para sa mga katanungan.
3. I-monitor ang mga pag-like, komento, impresyon at pagbabahagi. Patuloy na susubaybayan ng OCROV ang bilang ng mga pag-like, komento, at pagbabahagi na natatanggap ng mga post. Magbibigay ang mga sukatan na ito ng pananaw kung ang mga content ay epektibong tumatanggap ng positibong tugon mula sa mga pinuntirang audience.

Apendise A

Budget para sa Outreach ng Botante

§4005(a)(10)(I)(i)(VII)

Ipinapakita ng talhanyan sa ibabab kung ano ang ginastos ng OCROV sa edukasyon at outreach ng botante noong nakaraang regular na pang-estadong halalan na isinagawa alinsunod sa VCA.

Ang mga aktwal na paggasta na kasama sa talahanayan ay hindi sumasalamín sa kabuuang gastos sa paggawa para sa mga operasyon ng outreach dahil ang OCROV ay hindi nakategorya sa paggawa nang natatangi sa lahat ng pagkakataon. Sa pagpapatuloy, gagana ang OCROV upang mas mahusay na makuha ang buong gastos sa paggawa para sa outreach.

Ang OCROV ay nakatuon sa pagbibigay ng katulad na antas ng edukasyon ng mga botante at mga aktibidad sa outreach sa hinaharap na regular na pang-estadong halalan habang tinitiyak ang mahusay na paggamit ng mga pondo ng nagbabayad ng buwis. Kapag ang kabuuang taunang budget ng OCROV ay nabawasan o kung hindi man ay napipigilan, maaaring bigyang-diin ng OCROV ang mga libreng o mababang-gastusing pamamaraan ng outreach at bawasan ang paggamit ng mga pamamaraan ng outreach na may malaking gastos.



PLANO SA EDUKASYON AT OUTREACH NG BOTANTE

Kasaysayan at Paghahambing ng Pagpopondo sa Edukasyon at Outreach ng Botante

Mga Item/Aktibidad	Pangunahin 2022 Aktwal	Pangkalahat an 2022 Aktwal	Pangunahin 2024 Aktwal	Pangkalahat an 2024 Aktwal	Pangunahin 2026 Budget
Mga Legal na Paunawa	\$11,861	\$10,773	\$5,362	\$33,346	\$11,300
Mga Kaganapan sa Outreach ng Botante	\$17,897	\$11,859	\$13,943	\$11,836	\$10,000
Misc. Mga Operasyon sa Outreach	\$2,318	\$38,669	\$31,443	\$58,287	\$45,000
Pagpapatalastas	\$0	\$182,361	\$223,287	\$174,629	\$175,000
Dalawang Direktang mga Kontak ng Botante	\$519,106	\$585,040	\$612,123	\$604,159	\$608,000
Mga Gabay sa Impormasyon ng Botante ng Kondado	\$1,874,383	\$2,030,401	\$2,065,308	\$1,975,178	\$2,020,000
Kabuuan	\$2,425,565	\$2,859,103	\$2,951,466	\$2,857,435	\$2,869,300

